

# Mga Pagpipilian sa Coverage sa Kalusugan para sa Mga Imigrante

Nagbibigay ang dokumento ng impormasyon na ito ng impormasyon at gabay na kailangang malaman ng mga Navigator at sertipikadong tagapayo sa aplikasyon (sama-samang tinatawag na tagatulong) upang matulunga n ang mga imigrante na maunawaan ang kanilang mga pagpipilian sa coverage sa kalusugan.

Pangkalahatang-ideya .....	2
Kwalipikasyon sa Marketplace.....	2
Kwalipikasyon para sa Pinansiyal na Tulong sa Marketplace .....	3
Mga Sambahayang May Magkakaibang Katayuan sa Imigrasyon.....	3
Pag-apply para sa Coverage sa Marketplace.....	3
Pagpapatunay ng at Pagberipika sa Katayuan sa Imigrasyon .....	3
Pag-apply para sa Coverage sa Ngalan ng Mga Miyembro ng Pamilya .....	5
Mga Isyu sa Pagtugma ng Data .....	5
Kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP .....	6
Coverage sa Medicaid at CHIP para sa Mga Legal na Naninirahang Bata at Buntis na Indibidwal .....	8
Pang-emergency na Coverage sa Medicaid .....	9
Kwalipikasyon sa Medicare .....	9
Iba Pang Pagpipilian sa Coverage .....	10
Mga Kinakailangan at Pinakamabuting Gawi para sa Pagtalakay sa Katayuan sa Imigrasyon ng Mga Mamimili .....	10
Mga Tip para sa Pagtulong sa Mga Imigrante sa panahon ng Proseso ng Pagpapatala .....	12
Mga Tip para Pamahalaan ang Mga Pagsubok sa Kwalipikasyon at Pagpapatala .....	13
Sitwasyon sa Kwalipikasyon ng Imigranteng Mamimili .....	15
Mga Karagdagang Mapagkukunan.....	16

Hulyo 2022. Nilalayan lamang ang impormasyong ito para sa paggamit ng mga entidad at indibidwal na sertipikadong maglingkod bilang mga Navigator o sertipikadong tagapayo sa aplikasyon sa Marketplace na Pinapangasiwaan sa Pederal na Antas. Kabilang sa mga katawagang "Marketplace na Pinapangasiwaan sa Pederal na Antas" at "FFM," ayon sa paggamit sa dokumentong ito, ang mga FFM kung saan nagsasagawa ang estado ng mga tungkulin sa pamamahala ng plano. Ang ilang impormasyon sa manwal na ito ay maaaring interes din ng mga indibidwal na tumutulong sa mga mamimili sa mga Marketplace na Nakabatay sa Estado at mga Marketplace na Nakabatay sa Estado na ginagamit ang Pederal na Plataporma. Nilalayan lamang ang dokumentong ito bilang buod ng mga kinakailangan sa batas at upang magbigay ng impormasyon sa pagpapatakbo at hindi ito mismong gumagawa ng anumang karapatan o obligasyon sa batas. Ganap na isinasaad ang lahat ng kinakailangan sa batas sa mga naaangkop na kautusan at regulasyon. Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay walang kapangyarihan at bisang katumbas ng batas at hindi nilalayong maging obligasyon ng publiko sa anumang paraan, maliban kung partikular na isinasama sa isang kontrata. Nilalayan lamang ng dokumentong ito na magbigay ng kalinawan sa publiko tungkol sa mga umiiral na kinakailangan sa ilalim ng batas. Ang materyales na ito ay inilimbag, inilathala, o binuo at ipinamahagi nang ginastusan ng mga nagbabayad ng buwis sa U.S.

## Pangkalahatang-ideya

Kwalipikado ang maraming imigrante para sa coverage sa kalusugan sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace<sup>®</sup> o sa pamamagitan ng Medicaid o Programa ng Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP), depende sa kanilang katayuan sa imigrasyon at iba pang pamantayan sa kwalipikasyon ayon sa inilalarawan sa 45 CFR § 152.2 at 42 CFR §§ 435.4, 435.406 (Medicaid) at 457.320 (CHIP). Dapat na malaman ng mga tagatulong na tumutulong sa mga imigranteng aplikante na magpatala sa coverage sa kalusugan ang mga tuntunin ng pederal na pamahalaan at estado na nakakaapekto sa kwalipikasyon ng mga mamimiling ito para sa iba't ibang pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan at coverage sa kalusugan. Dapat ding tumulong ang mga tagatulong sa mga imigranteng mamimili na suriin ang kanilang mga pagpipilian sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan habang nagbibigay ng tulong na naaangkop sa kultura at wika.

## Kwalipikasyon sa Marketplace

Maaaring kwalipikado ang mga imigranteng legal ang pamamalagi na nakakatugon sa ibang pangunahing kinakailangan sa kwalipikasyon sa Marketplace para sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace. Nakalista sa sumusunod na talahanayan ang ilang katayuan bilang imigranteng legal ang pamamalagi na kwalipikadong magpatala sa coverage sa Marketplace. Para sa kompletong listahan ng mga kwalipikadong katayuan, bisitahin ang [HealthCare.gov/immigrants/immigration-status](https://www.healthcare.gov/immigrants/immigration-status).

Mga Katayuan bilang Imigranteng Legal ang Pamamalagi na Kwalipikado sa Marketplace	
<ul style="list-style-type: none"><li>• Legal na Permanenteng Residente (Lawful Permanent Resident, LPR/may-hawak ng Green Card)</li><li>• Asylee</li><li>• Refugee</li><li>• Taga-Cuba/Taga-Haiti na entrant</li><li>• May parole patungo sa U.S.</li><li>• Kondisyonal na entrant na ipinagkaloob bago ang 1980</li><li>• Inabusong asawa, anak, at magulang</li><li>• Biktima ng pangangalakal ng tao at kanyang asawa, anak, kapatid, o magulang</li><li>• Hindi mamamayan na pinagkalooban ng pagbinbin ng deportasyon o pagbinbin sa pagpapaalis sa ilalim ng mga batas sa imigrasyon o sa ilalim ng Kasunduan Laban sa Pagpapahirap (Convention Against Torture, CAT)</li><li>• Miyembro ng Indiyang tribo na kinikilala ng pederal na pamahalaan o Amerikanong Indiyano na ipinanganak sa Canada</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Indibidwal na may katayuan bilang hindi imigrante, kabilang ang mga visa para sa manggagawa (hal., H1, H-2A, H-2B), visa para sa mag-aaral, U-visa, T-visa, at iba pang visa; at mga mamamayan ng Federated States of Micronesia, Marshall Islands, at Republic of Palau na legal na naninirahan sa U.S.</li><li>• Katayuan bilang Pansamantalang Pinoprotektahan (Temporary Protected Status, TPS)</li><li>• Ipinagpalibang Ipinapatupad na Pag-alis (Deferred Enforced Departure, DED)</li><li>• Ipinagpalibang Aksiyon na Katayuan o Deferred Action Status (maliban sa DACA*)</li><li>• Legal na pansamantalang residente</li></ul>

**\*Tandaan:** Hindi kwalipikado ang mga indibidwal na hindi beripikado ang katayuan sa imigrasyon at mga indibidwal na pinagkalooban ng katayuan na Ipinagpalibang Aksiyon para sa Mga Pagdating bilang Bata (Deferred Action for Childhood Arrivals, DACA) para magpatala sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace, kahit na bayaran nang buo, bagaman maaari silang makabili ng coverage sa labas ng Marketplace.

## **Kwalipikasyon para sa Pinansiyal na Tulong sa Marketplace**

Maaaring kwalipikado ang mga imigranteng legal ang pamamalagi para sa mga maagang pagbabayad ng kredito sa buwis para sa premium (advance premium tax credit, APTC) at pagbabawas ng bahagi sa gastos (cost-sharing reduction, CSR) upang makatulong na mapababa ang gastos nila batay sa kanilang laki ng sambahayan, kita, at iba pang pamantayan sa kwalipikasyon.

Dapat na may taunang kita ng sambahayan sa pagitan ng 100 porsiyento at 400 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan (federal poverty level, FPL) ang karamihan ng mga mamimili para maging kwalipikado sila para sa pinansiyal na tulong. Gayunman, maaaring maging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ang mga imigranteng legal ang pamamalagi na hindi kwalipikado para sa Medicaid dahil sa katayuan sa imigrasyon kahit na mas mababa ang kanilang kita sa 100 porsiyento ng FPL.

*Tandaan:* Ginagawang available ng Batas sa Plano ng Pagsagip sa Amerika (American Rescue Plan Act, ARP; P.L. 117-2) ng 2021 ang kredito sa buwis para sa premium (premium tax credit, PTC) sa mga mamimiling may kita ng sambahayan na mas mataas sa 400 porsiyento ng FPL at nililimitahan kung magkano mula sa kita ng sambahayan ng pamilya ang ibabayad ng pamilya sa mga premium para sa batayang plano bago maging available ang PTC sa 8.5 porsiyento para sa Mga Taon ng Plano na 2021 at 2022.

## **Mga Sambahayang May Magkakaibang Katayuan sa Imigrasyon**

Naninirahan ang ilang mamimili sa sambahayang may magkakaibang katayuan sa imigrasyon, na isang sambahayang binubuo ng mga taong may hawak ng iba't ibang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon. Sa sitwasyong ito, maaaring maging kwalipikado ang bawat miyembro ng sambahayan para sa iba't ibang pagpipilian sa coverage sa kalusugan batay sa kanilang katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon.

## **Pag-apply para sa Coverage sa Marketplace**

### **Pagpapatunay ng at Pagberipika sa Katayuan sa Imigrasyon**

Kinokolekta ng Marketplace ang impormasyon tungkol sa pagkamamamayan at imigrasyon para lamang sa mga aplikante at/o miyembro ng kanilang sambahayan na nag-a-apply para sa coverage upang matukoy ang kwalipikasyon ng mga mamimili para sa mga pagpipilian sa coverage sa kalusugan. Dapat na ibigay ng mga mamimiling nagpapatunay na mayroon silang kwalipikadong katayuan sa imigrasyon ang uri ng dokumentong pang-imigrasyon at mga

numero ng dokumentong mayroon sila. Nakalista sa sumusunod na talahanayan ang mga tinatanggap na dokumento para beripikahin ang katayuan sa imigrasyon. Para sa kompletong listahan, bisitahin ang [HealthCare.gov/immigrants/documentation](https://www.healthcare.gov/immigrants/documentation).

Mga Tinatanggap na Dokumento para Beripikahin ang Katayuan sa Imigrasyon	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Card ng Permanenteng Residente (Green Card/I-551)</li> <li>• Pahintulot sa muling pagpasok (I-327)</li> <li>• Dokumentong paglalakbay ng refugee (I-571)</li> <li>• Dokumentong awtorisasyon sa pagtatrabaho (I-766)</li> <li>• Pang-imigranteng visa na nababasa sa machine (na may pansamantalang I-551 na wika)</li> <li>• Pansamantalang I-551 na stamp (sa pasaporte o I-94/I-94A)</li> <li>• Rekord ng pagdating/pag-alis (I-94/I-94A)</li> <li>• Rekord ng pagdating/pag-alis sa banyagang pasaporte (I-94)</li> <li>• Banyagang pasaporte</li> <li>• Sertipiko ng kwalipikasyon para sa katayuan bilang hindi imigranteng mag-aaral (I-20)</li> <li>• Paunawa ng aksiyon (I-797)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Sertipiko ng kwalipikasyon para sa katayuan bilang bisita sa exchange program (DS-2019)</li> <li>• Dokumentong isinasaad ang pagiging miyembro ng Indiyang tribo na kinikilala ng pederal na pamahalaan o Amerikanong Indiyano na ipinanganak sa Canada</li> <li>• Sertipikasyon mula sa Tanggapan ng Paglilipat ng Paninirahan ng Refugee (Office of Refugee Resettlement, ORR) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, HHS)</li> <li>• Dokumentong nagsasaad ng pagbinbin sa pagpapaalis</li> <li>• Liham ng kwalipikasyon sa ORR (kung wala pang 18 taong gulang)</li> <li>• Card ng residente ng American Samoa</li> <li>• Numero ng pagkabanyaga (alien number) (na tinatawag ding numero ng pagpaparehistro ng banyaga (alien registration number) o numero sa USCIS) o numero sa I-94</li> </ul>

Bineberipika ng Marketplace ang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon batay sa impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng mamimili sa pamamagitan ng Pangasiwaan ng Social Security (Social Security Administration, SSA) at/o Programa ng Sistematikong Pagberipika ng Banyaga para sa Mga Karapatan (Systematic Alien Verification for Entitlements, SAVE) ng Departamento ng Seguridad ng Inang-bayan (Department of Homeland Security, DHS); gagamitin lamang ang impormasyong ito upang matukoy ang kwalipikasyon ng mga mamimili at hindi ito gagamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad sa imigrasyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa memorandum ng Mga Adwana at Pagpapatupad sa Imigrasyon (Immigration Customs and Enforcement, ICE) sa [ice.gov/doclib/ero-outreach/pdf/ice-aca-memo.pdf](https://ice.dhs.gov/doclib/ero-outreach/pdf/ice-aca-memo.pdf).

Hindi maaaring makakuha ang mga mamimiling hindi magpapatunay na mamamayan sila ng U.S. o na mayroon silang kwalipikadong katayuan sa imigrasyon ng coverage sa kalusugan sa pamamagitan ng Marketplace ngunit maaari pa rin nilang kompletuhin ang aplikasyon sa Marketplace upang malaman kung maaaring kwalipikado silang tumanggap ng paggamot para sa pang-emergency na medikal na kondisyon sa ilalim ng Medicaid, na kasama ang pagle-labor at panganganak, kung natutugunan nila ang iba pang pamantayan sa kwalipikasyon para sa Medicaid sa kanilang estado.

## **Pag-apply para sa Coverage sa Ngalan ng Mga Miyembro ng Pamilya**

Maaaring mag-apply ang mga mamimili para sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace, Medicaid, o CHIP sa ngalan ng mga miyembro ng kanilang pamilya kahit na hindi sila mismo kwalipikado para sa coverage at anuman ang sarili nilang katayuan sa kwalipikasyon. Bilang halimbawa, maaaring mag-apply ang mga magulang ng mga mamamayan ng U.S. na hindi naberipika ang katayuan sa imigrasyon para sa coverage bilang tagapaghain ng aplikasyon sa ngalan ng kanilang mga anak. Sa sitwasyong ito, pinapatunayan ng tagapaghain ng aplikasyon na ang miyembro ng pamilya na nag-a-apply para sa coverage ay mamamayan ng U.S. o may kwalipikadong katayuan sa imigrasyon. Hindi maaaring iatas ng mga pederal at pang-estadong Marketplace at pang-estadong ahensiya ng Medicaid at CHIP sa mga aplikante na magbigay ng impormasyon tungkol sa katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon ng sinumang miyembro ng pamilya o sambahayan na hindi nag-a-apply para sa coverage. Hindi rin maaaring ipagkait ng mga estado ang mga benepisyo sa isang aplikante dahil hindi inihayag ng isang miyembro ng pamilya o sambahayan na hindi nag-a-apply ang kanyang katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon. Kung kailangan ng tagapaghain ng aplikasyon ng tulong sa proseso ng pagberipika ng pagkakakilanlan, maaari nilang tawagan ang Call Center ng Marketplace (Marketplace Call Center) sa 1-800-318-2596 (TTY: 1-855-889-4325).

## **Mga Isyu sa Pagtugma ng Data**

Nangyayari ang mga isyu sa pagtugma ng data (data matching issue, DMI) o mga “di-pagkakatumag” (inconsistency) kapag hindi tumutugma ang impormasyong inilagay ng mamimili sa kanyang aplikasyon sa Marketplace sa data na mayroon ang Marketplace mula sa mga pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng data, tulad ng mga rekord sa SSA o database ng Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS). Ang mga pinakakaraniwang uri ng mga DMI ay nauugnay sa impormasyon tungkol sa kita, pagkamamamayan, at imigrasyon. Kung may DMI ang isang mamimili, tutukuyin sa paunawa sa mamimili na “Pansamantala ang iyong kwalipikasyon” (Your eligibility is temporary) at may ilalaan itong saklaw ng panahon para maisumite ng mga mamimili ang mga dokumento para kumpirmahin ang impormasyon. Maaari ding matukoy ng mga mamimili kung mayroon silang hindi nalutas na DMI sa pamamagitan ng pagsusuri sa seksiyon ng “Mga Detalye ng Aplikasyon” (Application Details) ng kanilang account sa Marketplace para sa listahan ng lahat ng hindi nalutas na hindi pagkakatumag. Mayroong 95 araw ang mga mamimiling may mga DMI sa pagkamamamayan/imigrasyon mula sa petsa ng paunawa sa kwalipikasyon para lutasin ang isyu. Kung hindi malulutas ng mga mamimili ang kanilang mga DMI sa pagkamamamayan o imigrasyon, maaari silang mawalan ng kwalipikasyon para sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga DMI, bisitahin ang [HealthCare.gov/help/how-do-i-resolve-an-inconsistency](https://www.healthcare.gov/help/how-do-i-resolve-an-inconsistency) at sumangguni sa [SOP 4 - Beripikahin ang Pagkakakilanlan at Lutasin ang Mga Posibleng Isyu sa Pagtugma ng Data \(Verify Identity and Resolve Potential Data Matching Issues\)](#).

## Kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP

Maaaring kwalipikado para sa coverage ang mga imigranteng “kwalipikadong hindi mamamayan” (qualified non-citizen) sa ilalim ng 8 USC § 1641, 42 CFR § 435.4 (Medicaid), at 42 CFR § 457.320 (CHIP) sa pamamagitan ng Medicaid at CHIP kung natutugunan nila ang lahat ng iba pang pamantayan sa kwalipikasyon sa estado (kabilang ang mga kinakailangan sa kita at paninirahan sa estado). Mayroong limang taon na panahon ng paghihintay ang maraming kwalipikadong hindi mamamayan para makakuha ng coverage sa Medicaid at CHIP (na tinatawag ding “five-year bar”). Nagsisimula ang limang taon na panahon ng paghihintay na ito kapag natanggap ng mga mamimili ang kanilang kwalipikadong katayuan sa imigrasyon, hindi sa unang pagkakataong pumasok sila sa Estados Unidos. Hindi kailangang maghintay nang limang taon ng ilang grupo ng mga hindi mamamayan, tulad ng mga refugee, asylee, at LPR na dating mga refugee o asylee, alinsunod sa 8 USC § 1613. Nakalista sa sumusunod na talahanayan ang mga katayuan bilang mga kwalipikadong hindi mamamayan na kwalipikado para sa Medicaid ayon sa inilalarawan sa ilalim ng 8 USC §§ 1612(b) at 1613 at CHIP sa ilalim ng 8 USC § 1613. Para sa kompletong listahan ng mga kwalipikadong katayuan, bisitahin ang [HealthCare.gov/immigrants/lawfully-present-immigrants](https://www.healthcare.gov/immigrants/lawfully-present-immigrants).

Mga Katayuan bilang Kwalipikadong Hindi Mamamayang Imigrante na Kwalipikado sa Medicaid at CHIP	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• LPR/may-hawak ng Green Card</li> <li>• Mga asylee</li> <li>• Mga refugee</li> <li>• Mga Taga-Cuba/Taga-Haiti na entrant</li> <li>• May parole patungo sa U.S. nang hindi bababa sa isang taon</li> <li>• Kondisyonal na entrant na ipinagkaloob bago ang 1980</li> <li>• Mga inabusong hindi mamamayan, asawa, anak, o magulang</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga biktima ng pangangalakal ng tao at kanilang asawa, anak, kapatid, o magulang, o mga indibidwal na may nakabinbing aplikasyon para sa visa ng Biktima ng Pangangalakal ng Tao (Victim of Trafficking)</li> <li>• Pinagkalooban ng pagbinbin ng deportasyon</li> <li>• Miyembro ng Indiyang tribo na kinikilala ng pederal na pamahalaan o Amerikanong Indiyano na ipinanganak sa Canada</li> <li>• Mga mamamayan ng Federated States of Micronesia, Marshall Islands, at Republic of Palau (na kilala rin bilang mga migrante ng COFA)— Medicaid lamang*</li> </ul>

**\*Tandaan:** Simula Disyembre 27, 2020, maaaring kwalipikado para sa Medicaid ang mga migrante sa ilalim ng Kasunduan ng Malayang Asosasyon (Compact of Free Association, COFA) kung natutugunan nila ang lahat ng pamantayan sa kwalipikasyon sa kanilang estado. Sa pangkalahatan, ang mga migrante ng COFA ay mga mamamayan ng Marshall Islands, Federated States of Micronesia, at Republic of Palau na legal na naninirahan sa isa sa mga estado o teritoryo ng U.S. Tinuturing ang mga migrante ng COFA bilang mga kwalipikadong hindi mamamayan para sa mga layunin ng kwalipikasyon sa Medicaid at hindi nila kailangang maghintay nang limang taon pagkatanggap ng kanilang katayuan bago maging kwalipikado para sa coverage sa Medicaid, kung sa ibang paraan ay kwalipikado sila. Hindi nalalapat ang pagbabago sa patakaran na ito sa coverage sa pamamagitan ng mga hiwalay na programa ng

CHIP. Gayunman, maaaring saklawin ang mga migrante ng COFA sa ilalim ng opsiyong ito ng mga estadong piniling saklawin ang mga legal na naninirahang bata at/o buntis na indibidwal sa CHIP sa ilalim ng Seksiyon 214 ng Batas sa Muling Pag-aawtorisa sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children’s Health Insurance Reauthorization Act, CHIPRA; P.L. 111-3) ng 2009, na tinutukoy rin bilang CHIPRA 214 na opsiyon.

Mga katayuang kwalipikado sa Medicaid/CHIP (kung natutugunan ang five-year bar) <sup>ii</sup>	Mga katayuang kwalipikado sa Medicaid/CHIP (hindi nalalapat ang five-year bar) <sup>iii</sup>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Legal na Permanenteng Residente (Lawful Permanent Resident, LPR/may-hawak ng Green Card)</li> <li>• May parole patungo sa U.S. nang isang taon o higit pa</li> <li>• Inabusong asawa, anak, o magulang</li> <li>• Mga aplikante para sa Biktima ng Pangangalakal ng Tao</li> <li>• Kondisyonal na Entrant (ipinagkaloob bago ang 1980)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Refugee</li> <li>• Asylee</li> <li>• Mga Taga-Cuba/Taga-Haiti na Entrant</li> <li>• Pinagkalooban ng Pagbinbin ng Deportasyon</li> <li>• Mga nakaligtas sa pangangalakal ng tao at kanilang mga asawa, anak, kapatid, o magulang</li> <li>• Miyembro ng Indiyang tribo na kinikilala ng pederal na pamahalaan o Amerikanong Indiyano na ipinanganak sa Canada</li> <li>• Mga Amerasian na imigrante</li> <li>• Mga Iraqui at Afghan na espesyal na imigrante at may parole (kwalipikado hanggang sa kung alinman ang mas mahuhuli sa Marso 1, 2023, o katapusan ng termino ng parole)<sup>iv</sup></li> <li>• Mga migrante ng COFA (sa pamamagitan lamang ng CHIPRA 214 na opsiyon para sa hiwalay na CHIP)</li> <li>• Mga Legal na Permanenteng Residente (LPR/may-hawak ng Green Card) na nagbago mula sa katayuang hindi kasama sa five-year bar</li> <li>• Mga beterano o may aktibong tungkulin sa militar at kanilang mga asawa o walang asawang dependent na mayroon ding katayuan na “kwalipikadong hindi mamamayan”</li> </ul>

Kung hindi kwalipikado ang mga hindi mamamayan para sa Medicaid, dahil legal ang pamamalagi nila ngunit wala silang katayuan sa imigrasyon na “kwalipikadong hindi mamamayan” o mga “kwalipikadong hindi mamamayan” sila ngunit hindi nila natugunan ang limang taon na panahon ng paghihintay, maaaring kwalipikado ang mga hindi mamamayang mamimili na ito para sa pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng Marketplace kung sa ibang paraan ay natutugunan nila ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon sa Marketplace. Maaaring kwalipikado para sa APTC at mga CSR sa 2021 ang mga mamimiling nakakatanggap ng kabayaran sa kawalan ng trabaho noong 2021 na mas mababa sa 100 porsiyento ng FPL ang kita at hindi kwalipikado para sa Medicaid sa ibang paraan.

Maaaring makipag-ugnayan ang mga mamimili sa kanilang ahensiya ng Medicaid sa estado para sa higit pang impormasyon tungkol sa kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP. Available ang



listahan ng mga contact para sa bawat estado sa [Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu](https://www.Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu).

## Coverage sa Medicaid at CHIP para sa Mga Legal na Naninirahang Bata at Buntis na Indibidwal

Sa ilalim ng CHIPRA 214 na opsiyon, maaaring piliin ng mga estado na saklawin ang mga legal na naninirahang buntis na indibidwal sa Medicaid at CHIP at/o mga batang hanggang 19 na taong gulang para sa CHIP o hanggang sa 21 taong gulang para sa Medicaid na magiging kwalipikado para sa coverage sa pamamagitan ng mga programang ito sa ibang paraan, kahit na walang kwalipikadong katayuan sa imigrasyon o kung hindi man ay mapapailalim sa limang taon na panahon ng paghihintay. Ang isang bata o buntis na indibidwal ay "legal na naninirahan" kung "legal ang pamamalagi" nila at kwalipikado sila para sa Medicaid o CHIP sa estado sa ibang paraan. Nakalista sa sumusunod na talahanayan ang ilang katayuan bilang imigranteng legal ang pamamalagi. Para sa kompletong listahan, bisitahin ang [HealthCare.gov/immigrants/lawfully-present-immigrants](https://www.HealthCare.gov/immigrants/lawfully-present-immigrants).

Mga Katayuan bilang Imigranteng Legal ang Pamamalagi	
<ul style="list-style-type: none"><li>• Katayuan sa imigrasyon bilang kwalipikadong hindi mamamayan na may panahon ng paghihintay [LPR/may-hawak ng Green Card, may parole patungo sa U.S. nang isang taon o higit pa, inabusong asawa o magulang na may nakabinbin o aprubadong petisyon sa HHS, mga aplikante para sa Biktima ng Pangangalakal ng Tao (Victim of Trafficking), kondisyonal na entrant (ipinagkaloob bago ang 1980)]</li><li>• Katayuan o sitwasyon sa kapakanang pantao (kabilang ang katayuan bilang pansamantalang pinoprotektahan, espesyal na katayuan bilang bata, mga aplikante para sa asilo, Kasunduan Laban sa Pagpapahirap, mga biktima ng pangangalakal ng tao)</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Mga may bisang visa para sa hindi imigrante</li><li>• Legal na katayuan na ipinagkaloob ng ibang batas (katayuan bilang pansamantalang residente, Batas na LIFE, mga indibidwal sa Family Unity)</li></ul>

Pinili ng tatlung limang estado, Distrito ng Columbia, American Samoa, U.S. Virgin Islands, at Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI) na magbigay ng coverage sa Medicaid sa mga legal na naninirahang bata at/o buntis na indibidwal, kabilang ang mga indibidwal na mapapailalim sa limang taon na panahon ng paghihintay sa ibang paraan sa ilalim ng CHIPRA 214 na opsiyon. Sinasaklaw rin ng dalawampu't walo sa mga estadong ito ang mga legal na naninirahang bata at/o buntis na indibidwal sa hiwalay na CHIP. Available ang listahan ng mga estadong nagbibigay ng opsyong ito sa [Medicaid.gov/medicaid/enrollment-strategies/medicaid-and-chip-coverage-lawfully-residing-children-pregnant-women](https://www.Medicaid.gov/medicaid/enrollment-strategies/medicaid-and-chip-coverage-lawfully-residing-children-pregnant-women).

Sa ilalim ng ARP, simula Abril 2022, maaaring piliin ng mga estado, sa loob ng limang taon, na pahabain nang 12 buwan ang kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP na nauugnay sa pagbubuntis. Nangangahulugan ito na posibleng maipagpatuloy ng mga kwalipikadong buntis na indibidwal



na nakatala sa Medicaid o CHIP na nauugnay sa pagbubuntis ang coverage na ito nang hanggang sa 12 buwan pagkapanganak.<sup>v</sup>

## **Pang-emergency na Coverage sa Medicaid**

Nagbibigay ang Medicaid ng kabayaran para sa paggamot ng pang-emergency na medikal na kondisyon kung natutugunan ng mga mamimili ang lahat ng pamantayan sa kwalipikasyon ng Medicaid sa estado (tulad ng kita at paninirahan sa estado), anuman ang katayuan sa imigrasyon.<sup>vi</sup>

## **Kwalipikasyon sa Medicare**

Maaaring makakuha ng walang premium na Part A na Medicare ang mga mamamayan ng U.S. at kwalipikadong imigranteng legal ang pamamalagi na 65 taong gulang pataas na may hindi bababa sa 40 quarter ng coverage (10 taon para sa karamihan ng mga tao), na nakukuha sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga buwis sa payroll sa panahon ng mga taon ng pagtatrabaho ng mamimili. Maaari ding gamitin ng ilang mamimili ang kasaysayan ng trabaho ng asawa para maging kwalipikado para sa walang premium na Part A na Medicare sa ilalim ng 42 USC § 1395 at 8 USC § 1611(b)(3), ayon sa pagkakasunod.

Ang mga mamimiling nakakatugon sa mga kinakailangang ito ngunit walang sapat na quarter ng coverage para magkaroon ng karapatan sa walang premium na Part A ay maaaring piliing magpatala sa Part B na coverage ng Medicare (na mayroon ding kinakailangang limang taon na paninirahan para sa mga banyagang legal na tinanggap para sa permanenteng paninirahan) at bumili ng Part A na coverage ng Medicare, ayon sa inilalarawan sa ilalim ng 42 CFR § 406.20 at seksiyon 1836 at 1818 ng Titulo XVIII ng Batas sa Social Security (Social Security Act). Dahil nagbabayad ng buwanang premium para sa Part A ang mga mamimiling may ganitong uri ng coverage sa Medicare, tinatawag itong may premium na Part A na Medicare (42 CFR § 406.20 hanggang 42 CFR § 406.38). Kung hindi bibili ang mga mamimili ng may premium na Part A at B sa unang pagkakataon na maging kwalipikado sila, maaaring kailanganin nilang magbayad ng mga multa para sa nahuling pagpapatala kung pipiliin nilang mag-sign up sa ibang panahon sa ilalim ng 42 CFR § 408.20 hanggang 408.27.

Maaaring maging kwalipikado ang mga mamimili para sa tulong mula sa kanilang estado sa pagbabayad ng kanilang mga premium sa Medicare sa pamamagitan ng mga Programa ng Savings sa Medicare (Medicare Savings Program, MSP). Dapat na maging kwalipikado ang mga mamimili sa Part A na Medicare at matugunan nila ang mga limitasyon sa kita at mapagkukunan para maging kwalipikado. Sa ilang sitwasyon, maaari ding bayaran ng mga MSP ang mga deductible, coinsurance, at copayment ng Part A na Medicare at Part B na Medicare kung natutugunan ng mga mamimili ang ilang partikular na kondisyon. May karapatan din sa Karagdagang Tulong (Extra Help) (Part D na Medicare) ang mga mamimiling nakatala sa walang premium na coverage sa Part A at Part B sa ilalim ng 42 CFR § 423. Ang Karagdagang Tulong (Part D) ay programang tumutulong sa mga mamimiling may limitadong kita at

mapagkukunan na mabayaran ang mga gastos sa programa sa inireresetang gamot ng Medicare, tulad ng mga premium, deductible, at coinsurance. Kung hindi bibili ang mga mamimili ng may premium na Part D sa unang pagkakataon na maging kwalipikado sila, maaaring kailanganin nilang magbayad ng mga multa para sa nahuling pagpapatala kung pipiliin nilang mag-sign up sa ibang panahon sa ilalim ng 42 CFR § 423.46. Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Part at benepisyo ng Medicare sa [Medicare.gov/basics/get-started-with-medicare](https://www.Medicare.gov/basics/get-started-with-medicare).

## Iba Pang Pagpipilian sa Coverage

Maaaring kwalipikado ang mga mamimiling hindi legal ang pamamalagi para sa:

- Pang-emergency na medikal na tulong (Pang-emergency na Medicaid) para sa paggamot ng pang-emergency na medikal na kondisyon, kabilang ang mga serbisyo sa pagle-labor at panganganak.
- Coverage bago manganak, pangangalaga sa pagle-labor at panganganak, at pagkatapos manganak (depende sa estado) para sa mga buntis na indibidwal sa pamamagitan ng opsiyon ng CHIP para sa hindi pa pinapanganak na sanggol sa mga estado na pinili ang opsiyong ito.
- Pribadong coverage na iniaalok sa labas ng mga Marketplace nang buo ang presyo.
- Mga libre o murang pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga sentrong pangkalusugan ng komunidad (community health center, CHC) at sentrong pangkalusugan para sa migrante (migrant health center, MHC). Nag-aalok ang parehong CHC at MHC ng komprehensibong pangunahing pangangalaga, anuman ang kakayahang magbayad o katayuan sa imigrasyon. Gayunman, mga migrante at panapanahong manggagawa sa bukid lamang at ang kanilang mga pamilya ang pinaglilingkuran ng mga MHC.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba pang pagpipilian sa coverage, sumangguni sa Mga Pagpipilian sa Coverage sa Kalusugan para sa Mga Walang Insurance (Health Coverage Options for the Uninsured) sa [Marketplace.cms.gov/technical-assistance-resources/health-coverage-options-for-uninsured.pdf](https://www.Marketplace.cms.gov/technical-assistance-resources/health-coverage-options-for-uninsured.pdf).

## Mga Kinakailangan at Pinakamabuting Gawi para sa Pagtalakay sa Katayuan sa Imigrasyon ng Mga Mamimili

Maaaring sensitibong paksa ang katayuan sa imigrasyon ng isang mamimili. Maging maingat tungkol dito kapag nakikipag-usap sa mga mamimili.

Nasa ibaba ang ilang kinakailangan sa batas pati ang mga inirerekomendang pinakamabuting gawi para sa mga tagatulong kapag pinag-uusapan ang katayuan sa imigrasyon ng mga mamimili.

- **Iniaatas ng batas** sa mga navigator sa ilalim ng 45 CFR § 155.205(c) na magbigay ng libreng tulong sa pasalitang interpretasyon at nakasulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tao nang walang singil para sa mga mamimiling may Limitadong Kahusayan sa Ingles (Limited English Proficiency, LEP). Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa [Paglilingkod sa Mga Mamimiling May Limitadong Kahusayan sa Ingles \(Serving Consumers with Limited English Proficiency\)](#).
- Dapat na tiyakin ng mga tagatulong na alam ng mga mamimili na kinakailangan lamang ang dokumentasyon ng katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon para sa mga nag-a-apply para sa coverage, hindi para sa ibang miyembro ng sambahayan.
- Dapat na magbigay ng impormasyon ang mga tagatulong tungkol sa mga kwalipikadong katayuan sa imigrasyon at tinatanggap na dokumento sa imigrasyon upang matulungan ang mga mamimili na magdesisyon kung sino sa kanilang pamilya ang maaaring may kwalipikadong katayuan sa imigrasyon para mag-apply para sa coverage sa kalusugan.
- Dapat na iwasan ng mga tagatulong ang mga hindi kinakailangang tanong, lalo na ang mga tanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga mamimili na hindi nag-a-apply para sa coverage sa kalusugan at naninirahan sa mga sambahayang may magkakaibang katayuan sa imigrasyon. Maaaring malabag ng pagtatanong ng mga hindi kinakailangang tanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng hindi aplikanteng miyembro ng pamilya o sambahayan ang Titolo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act) o Seksiyon 1557 ng Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act).
- Dapat na iwasan ng mga tagatulong ang mga salitang katulad ng "hindi dokumentado," "hindi awtorisado," o "ilegal." Sa halip, magbigay ng mga dokumento ng impormasyon at iba pang materyales na inilalarawan ang katayuan sa imigrasyon na legal ang pamamalagi. Tiyakin na ang mga materyales ay nasa wikang mauunawaan ng mga mamimili.
- Dapat na maging handa ang mga tagatulong na i-refer ang mga mamimili sa mga non-profit na abogado sa imigrasyon upang matulungan ang mga mamimiling hindi sigurado kung mayroon silang kwalipikadong katayuan sa imigrasyon o upang matulungan silang makakuha ng mga dokumento sa imigrasyon kung hindi nila naihanda ang mga ito.

## Mga Tip para sa Pagtulong sa Mga Imigrante sa panahon ng Proseso ng Pagpapatala

Makakatulong ang mga sumusunod na kinakailangan sa batas at inirerekomendang pinakamabuting gawi sa mga tagatulong na makipag-usap sa mga imigranteng mamimili na naghahanap ng coverage sa kalusugan para sa kanilang mga sarili o sa ngalan ng ibang tao.

- Dapat na magsimula ang mga tagatulong sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mamimiling imigrante ng mga nakakapagpanatag ng loob na mensahe tungkol sa pagiging pribado at kumpidensiyal, lalo na ang tungkol sa kanilang katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon at mga Numero ng Social Security (Social Security Number, SSN). Ipaalam sa mga mamimili na ang impormasyong ibibigay nila ay hindi gagamitin ng mga ahensiya ng pamahalaan para magpatupad ng mga batas o patakaran sa imigrasyon.
- Dapat ding tukuyin nang wasto ng mga tagatulong ang mamimili o mga mamimili na nag-a-apply para sa coverage sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila kung naghahanap sila ng coverage sa kalusugan para sa kanilang sarili o sa ngalan ng ibang tao.
- Kung saan posible, dapat na ibigay ng mga tagatulong ang impormasyon sa mga mamimili sa simpleng wika. Gayunman, maaaring komplikado ang maraming patakaran sa imigrasyon at maaaring mahirap ipaliwanag nang tumpak sa simpleng wika. Sa mga sitwasyong ito, dapat na magbigay ang mga tagatulong ng limitadong tumpak na impormasyon at i-refer ang mga mamimili sa mga panlabas na eksperto para sa higit pang payo.
- Dapat na palaging napapanahon at madaling ma-access ang impormasyong ibinabahagi ng mga tagatulong sa mga mamimiling may LEP. Para magawa ito, maaaring kailanganin ang mga tagatulong na magbigay sa mga mamimiling may LEP ng mga libreng serbisyo sa nakasulat na pagsasalin at pasalitang interpretasyon.
- Dapat na tumawag ang mga tagatulong sa Marketplace kung nagsasalita ang mga mamimili ng mga wikang hindi Ingles at gusto nilang makakuha ng personal na tulong sa ibang wika sa 1-800-318-2596. Ipaliwanag sa mga mamimili na nagbibigay ng tulong ang Marketplace sa ibang wika nang libre. Ituro ang mga mamimili sa [Humanap ng Lokal na Tulong \(Find Local Help\)](#) sa HealthCare.gov upang maghanap ng mga organisasyon ng tagatulong na nag-aalok ng tulong sa mga wikang hindi Ingles sa personal.
- Dapat na tulungan ng mga tagatulong ang mga mamimili na matukoy kung anong mga dokumento ang dapat nilang dalhin sa appointment kapag tumawag ang mga mamimili para gumawa ng appointment. Maaari ding magbigay ang mga tagatulong ng mga flyer,

brochure, o iba pang handout na ipinapaliwanag kung anong dokumentasyon ang kinakailangan para magpatala sa panahon ng mga kaganapan sa pagtulong. Para sa listahan ng tinatanggap na dokumentasyon, bisitahin ang [HealthCare.gov/immigrants/documentation](https://www.healthcare.gov/immigrants/documentation).

## Mga Tip para Pamahalaan ang Mga Pagsubok sa Kwalipikasyon at Pagpapatala

Maaaring makatulong ang mga sumusunod na pinakamabuting gawi na malampasan ng mga tagatulong ang mga pagsubok sa kwalipikasyon at proseso ng pagpapatala. Kapag tinutulungan ang mga imigranteng mamimili na mag-apply para sa coverage, ang mga tagatulong ay dapat na:

- Maging pamilyar sa iba't ibang pinagmumulan ng kita na karaniwan sa ilang imigranteng mamimili, kabilang ang mga pana-panahong manggagawa na walang pirming kita, kita mula sa ibang bansa, o kita mula sa sariling negosyo. Maaaring makaapekto ang iba't ibang uri ng kita na ito sa kwalipikasyon para sa mga programa ng pagiging abot-kaya ng insurance na pinapababa ang halaga ng coverage sa kalusugan.

Tandaan na dahil sa ARP, mas marami ang ibinibigay na tulong sa kredito sa buwis para sa premium para sa karamihan ng mga naghahain ng buwis na nakatanggap o aprubadong tumanggap ng kabayaran sa kawalan ng trabaho sa loob ng isang linggo simula noong 2021. Dapat na patunayan ng mga mamimili na nakatanggap sila o naaprubahan silang tumanggap ng kabayaran sa kawalan ng trabaho para sa anumang linggo simula sa panahon ng 2021 at dapat na natutugunan nila ang ibang kinakailangan sa kwalipikasyon ng APTC. Magiging kwalipikado rin para sa mga CSR ang mga mamimiling natutugunan ang mga pamantayan. Nalalapat lamang ang probisyong ito sa Taon ng Plano na 2021.

- Hikayatin ang mga mamimili na isama ang lahat ng impormasyon sa imigrasyon na hiniling sa online na aplikasyon (hal., uri at numero ng dokumento). Mapapataas nito ang posibilidad na matagumpay na maberipika ang katayuan sa imigrasyon at pagkamamamayan ng mga mamimili.
- Tandaan na maaaring hindi alam ng mga mamimili na kailangang may email account sila para makapagpatala online. Maaaring kailanganin ng mga tagatulong na maglaan ng dagdag na oras para sa pagtulong sa mga mamimili na mag-set up ng mga email account. Maaari ding magpatala ang mga mamimili sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa Marketplace sa 1-800-318-2596.

## Pagpapatunay ng ID

- Maging handa sa pagtulong sa mga mamimili sa proseso ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan (identity, ID), dahil mas maliit ang posibilidad na may kasaysayan sa paggamit ng kredito ang mga imigrante na kinakailangan para sa pagpapatunay ng ID. Para tulungan ang mga mamimiling maghanda para sa proseso ng pagpapatunay ng ID, i-refer sila sa [Pagberipika ng Iyong Pagkakakilanlan \(Verifying Your Identity\): Pagpapatunay ng ID sa Marketplace](#). Ipaalam sa mga mamimili na bineberipika ng CMS ang aplikasyon ng mga mamimili sa Experian, kaya maaari silang makakita ng pagtatanong mula sa CMS kapag tinitingnan ang kanilang mga iskor sa kredito, ngunit hindi nakakaapekto sa mga iskor sa kredito ng mga mamimili ang pagtatanong.
- Tuklasin ang iba pang programa sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong estado na maaaring makapagbigay ng mga serbisyo sa mga mamimiling hindi legal ang pamamalagi sa U.S.

## Mga Isyu sa Pagtugma ng Data

- Maging handa sa pagtulong sa mga mamimili sa mga DMI. Dapat na hikayatin ng mga tagatulong ang mga mamimili na basahing mabuti ang kanilang mga paunawa sa kwalipikasyon, pati ang anumang paalalang paunawa na matatanggap nila, upang matiyak na maisusumite nila ang tamang impormasyon para sa tamang miyembro ng grupong magpapatala. Maaari ding matukoy ng mga mamimili kung mayroon o wala silang hindi pa nalulutas na DMI sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang account sa Marketplace, kung saan magkakaroon ng listahan ng lahat ng hindi pa nalulutas na di-pagkakatatugma sa ilalim ng “Mga Detalye ng Aplikasyon” (Application Details). Dapat na tumawag sa Call Center ng Marketplace ang mga mamimiling may mga tanong tungkol sa katayuan ng mga dokumentong isinumite nila sa Marketplace.

Tandaan na:

- Kinakailangan lamang ng aplikasyon sa Marketplace na Pinapangasiwaan sa Pederal na Antas (Federally-facilitated Marketplace, FFM) ng indibidwal na merkado ang ilang partikular na bahagi ng impormasyon mula sa mga dokumentong ito – hindi mismo ang mga dokumento – maliban kung hindi maberipika ang impormasyon ng mga mamimili. Maaaring gumamit ng mga elektroniko o aktuwal na papel na dokumento.
- Kung hindi maberipika ang impormasyon ng mga mamimili (at makaranas sila ng DMI), karaniwang mayroong 90 o 95 araw ang mga mamimili para magbigay ng pansuportang dokumentasyon. Maaari nilang i-upload ang mga dokumento sa kanilang online na account o ipadala ang mga kopya ng mga dokumento sa mga FFM sa pamamagitan ng mail. Sa panahong ito, ang mga aplikanteng kwalipikado sa ibang paraan ay itinatala sa programa kung saan mukhang kwalipikado sila batay sa impormasyong ibinigay ng (mga) tagapaghain ng aplikasyon.

## Sitwasyon sa Kwalipikasyon ng Imigranteng Mamimili

**Tandaan:** Gawa-gawang halimbawa lamang ito. Hindi gumamit ng mga aktuwal na pangalan ng aplikante sa sitwasyong ito.

Naninirahan sina Eva at Adan Santos sa Colorado. Pareho silang 28 taong gulang, mag-asawa sila, at mayroon silang isang taong gulang na anak na si Serena, na ipinanganak sa U.S. Naging mamamayan si Adan ngayong taon. Nagsumite si Adan ng petisyon para sa pagiging Legal na Permanenteng Residente sa ngalan ni Eva na inaprubahan noong Marso 2021. Natanggap ni Eva ang kanyang Green Card dalawang taon na ang nakalipas at limang buwan na siyang buntis. Ang kanilang taunang kita ng sambahayan ay \$24,000, o 111 porsiyento ng FPL para sa sambahayang may tatlong miyembro. Magkasamang naghain sina Adan at Eva ng mga buwis at idineklara nilang dependent si Serena. Lumapit si Eva sa isang tagatulong upang tulungan ang kanyang buong pamilya na magpatala sa coverage sa kalusugan, ngunit hindi siya sigurado kung kwalipikado silang lahat.

Ano ang mga magiging kapasiyahan sa kwalipikasyon para sa sambahayang Santos? Makakapagpatala ba sina Adan, Eva, at Serena sa parehong uri ng coverage?

- Sagot: Maaaring hindi makapagpatala sina Adan, Eva, at Serena sa parehong uri ng coverage dahil sa kanilang magkakaibang katayuan sa pagkamamayan at imigrasyon. Maaari ding magdepende ang kanilang kwalipikasyon para sa pagpapatala sa kung naninirahan sila sa isang estado na may pinalawig na coverage sa Medicaid. Ang mga kapasiyahan sa kwalipikasyon para sa sambahayang Santos ay ang mga sumusunod:
  - Adan: Bilang mamamayan ng U.S., malamang na kwalipikado si Adan na magpatala sa QHP sa pamamagitan ng Marketplace, at maaaring kwalipikado siya para sa Medicaid. Dahil ang tahananang estado ni Adan na Colorado ay may pinalawig na Medicaid na hanggang sa 138 porsiyento ng FPL, kwalipikado si Adan para sa coverage sa Medicaid dahil sa kanyang kita. Dahil naninirahan si Adan sa estado na pinalawig ang Medicaid, hindi siya kwalipikado para sa APTC o mga CSR sa pamamagitan ng Marketplace. Kung nakatira si Adan sa estado na hindi pinalawig ang Medicaid at nakatala siya sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace, malamang na magiging kwalipikado siya para sa APTC at mga CSR sa pamamagitan ng Marketplace.
  - Eva: Itinuturing si Eva na legal na namamalagi at “kwalipikadong hindi mamamayan” para sa mga layunin ng kwalipikasyon sa Medicaid, ngunit hindi pa niya natutugunan ang limang taon na panahon ng paghihintay. Gayunman, dahil naninirahan si Eva sa Colorado, kwalipikado siya para sa Medicaid; ang Colorado ay isang estado na pinili ang CHIPRA 214 na opsiyon at samakatuwid ay nag-aalok ng coverage sa Medicaid/CHIP para sa mga legal na naninirahang buntis na indibidwal, kabilang ang mga nasa kanilang unang limang taon ng pagkakaroon ng kwalipikadong katayuan sa imigrasyon.

- Serena: Dahil ipinanganak si Serena sa U.S., isa siyang mamamayan at kwalipikado siya para sa coverage sa Medicaid, kung sa ibang paraan ay natutugunan niya ang mga pamantayan sa kwalipikasyon sa estado.

## Mga Karagdagang Mapagkukunan

- HealthCare.gov: Coverage sa Kalusugan para sa Mga Imigrante (Health Coverage for Immigrants) sa [HealthCare.gov/what-do-immigrant-families-need-to-know](https://www.healthcare.gov/what-do-immigrant-families-need-to-know)
- Liham ng Opisyal sa Kalusugan ng Estado (State Health Official, SHO) ng CMS tungkol sa: Kwalipikasyon sa Medicaid para sa Mga Migrante sa COFA, na inilabas noong Oktubre 18, 2021: [Medicaid.gov/federal-policy-guidance/downloads/sho21005.pdf](https://www.medicaid.gov/federal-policy-guidance/downloads/sho21005.pdf)
- Liham ng SHO sa CMS tungkol sa: Coverage sa Medicaid at CHIP ng Mga “Legal na Naninirahang” Bata at Buntis, na inilabas noong Hulyo 1, 2010: [Medicaid.gov/federal-policy-guidance/downloads/SHO10006.pdf](https://www.medicaid.gov/federal-policy-guidance/downloads/SHO10006.pdf)
- Dokumentong impormasyon tungkol sa Mga Pagpipilian sa Coverage sa Kalusugan para sa Mga Lumikas na Afghan (Health Coverage Options for Afghan Evacuees): [Medicaid.gov/medicaid/eligibility/downloads/hlth-cov-option-afghan-evac-fact-sheet.pdf](https://www.medicaid.gov/medicaid/eligibility/downloads/hlth-cov-option-afghan-evac-fact-sheet.pdf)
- [Medicaid.gov](https://www.Medicaid.gov)

---

<sup>i</sup> Ang Health Insurance Marketplace<sup>®</sup> ay isang rehistradong tatak ng serbisyo ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng U.S.

<sup>ii</sup> Seksiyon 403 ng Batas sa Pagkakasundo ng Personal na Responsibilidad at Oportunidad sa Trabaho (Personal Responsibility and Work Opportunity Reconciliation Act, PRWORA) (8 USC § 1613(a)).

<sup>iii</sup> Tingnan ang 8 USC § 1613(b).

<sup>iv</sup> Tingnan ang dokumentong impormasyon ng Mga Pagpipilian sa Coverage sa Kalusugan para sa Mga Lumikas na Afghan (Health Coverage Options for Afghan Evacuees) (inilabas noong Nobyembre 1, 2021), na available sa [Medicaid.gov/medicaid/eligibility/downloads/hlth-cov-option-afghan-evac-fact-sheet.pdf](https://www.Medicaid.gov/medicaid/eligibility/downloads/hlth-cov-option-afghan-evac-fact-sheet.pdf)

<sup>v</sup> Pagbabago sa ilang partikular na coverage sa ilalim ng Medicaid at CHIP para sa mga buntis at nanganak na indibidwal. Seksiyon ng 9812 ng Batas sa ARP. [BILLS-117hr1319enr.pdf \(congress.gov\)](https://www.congress.gov/bills/117/hr/1319/enr/pdf)

<sup>vi</sup> 8 U.S.C § 1611(b)(1)(A)

